American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-181-186
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

Mga Hamon at Estratehiya sa Pagkatuto ng Gramatika ng mga mag-aaral ng Barretto National High School na nasa Ikapitong Baitang

[1] Judy-Ann V. Benoman, [2] Rojhen Netz J. Balmaceda,
[3] Bernadette D. Caraggayan, [4]Dr. Baby S. Abagon
President Ramon Magsaysay State University

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa wastong gramatika sa asignaturang Filipino, tukuyin ang mga hamon na kanilang nararanasan, at alamin ang mga estratehiyang maaaring gamitin upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa gramatika. Ginamit ang deskriptibong disenyo at kwantitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng grammar examination at talatanungan sa 30 mag-aaral at 10 guro ng Barretto National High School. Ipinakita ng resulta na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbaybay at paggamit ng bantas ay nasa antas na Satisfactory (mean = 4.67 at 4.73), samantalang ang kasanayan sa wastong salita ay mas mababa, Fairly Satisfactory (mean = 3.01). Ang pangunahing hamon sa gramatika ay ang pagka-depende sa spell-checker, maling paggamit ng panlapi, at hindi tamang paglalagay ng tuldok at kuwit. Sa usapin ng estratehiya, pinakasuportado ng mga mag-aaral ang collaborative editing at group analysis (mean = 2.98) bilang epektibong paraan ng pagtuturo. Ipinapakita ng pag-aaral na may pangangailangan para sa mas sistematiko, kolaboratibo, at aktibong pamamaraan sa pagtuturo ng gramatika upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral.
SUSING SALITA- *Gramatika, Pagbaybay, Bantas, Wastong Salita, Estratehiya sa Pagtuturo*

I. PANIMULA

Ang pagkatuto ng gramatika ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang salik sa paglinang ng komprehensibong kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, ang masinop na paggamit ng gramatika—na kinapapalooban ng tamang pagbaybay, wastong bantas, at angkop na pagpili ng salita—ay hindi lamang teknikal na aspeto ng wika, kundi isang pundasyong nagtataguyod ng kakayahang makapagpahayag nang malinaw, lohikal, at malikhain. Masasabing ang gramatika ang nagsisilbing gulugod ng anumang diskursong pasalita man o pasulat, kaya't ang kahusayan dito ay may direktang impluwensiya sa akademikong pagganap at pangmatagalang literasi. Gayunpaman, sa kabila ng kritikal na papel na ginagampanan ng gramatika, nananatili itong isa sa mga pangunahing suliranin sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pandaigdigang perspektiba, binigyang-diin nina Al-Mekhlafi at Nagaratnam (2011) na ang patuloy na kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika ay nakaugat sa kakulangan ng contextualized learning at hindi regular na eksposyur sa mga gawaing nangangailangan ng aktibong aplikasyon ng tuntuning pangwika. Ipinahihiwatig ng kanilang pag-aaral na hindi sapat ang tradisyonal at pormularyong pagtuturo; kinakailangan ng mas interaktibo, situational, at malayuning mga estratehiya upang lubos na maunawaan at magamit ng mga mag-aaral ang gramatika sa makabuluhang konteksto. Samantala, sa lokal na konteksto, ipinakita ni Alferez (2021) na ang kakulangan sa sistematikong pagsasanay sa gramatika at pagsusulat ng mga mag-aaral sa Filipino ay nauugnay sa impluwensiya ng social media, limitadong oras sa pagbabasa, at hindi regular na praktis sa paggamit ng pormal na wika. Lumalabas sa pag-aaral na ito na ang nakalilitong code-switching, paggamit ng colloquial expressions, at pag-ikli ng lengguwahe sa digital platforms ay may negatibong epekto sa pormal na pagtatamo ng kasanayang panggramatika ng mga kabataan. Sa liwanag ng mga teoretikal at empirikal na pananaw na ito, malinaw na ang suliranin sa gramatika ay hindi lamang usapin ng indibidwal na kakayahan kundi repleksiyon din ng malawak na pagbabago sa pedagogiya, teknolohiya, at kultura ng wika. Kaakibat nito, napag-alaman ng mga guro sa Barretto National High School na ang mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ay nahaharap pa rin sa matitinding hamon sa pagbaybay, paggamit ng bantas, at pagpili ng wastong salita. Ang mga kahinaang ito ay hindi lamang nakakaapekto sa kanilang kakayahang makalikha ng malinaw at organisadong sulatin, kundi nagpapahiwatig din ng pangangailangan sa mas malalim at sistematikong interbensiyon sa pagtuturo ng wika. Bunsod nito, itinakda

ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika, tukuyin ang mga tiyak na suliraning kanilang nararanasan, at bumuo ng mga posibleng estratehiya at programang maaaring magamit ng mga guro upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng gramatika sa Filipino. Sa gayon, ang pag-aaral na ito ay nakatuon hindi lamang sa paglalarawan ng kasalukuyang kalagayan, kundi pati na rin sa pagbibigay ng empirikal na batayan para sa pagpapabuti ng pedagogikal na praktis sa larangan ng Filipino.

II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na suriin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gramatika at ang mga hamong kinahaharap nila sa pagkatuto nito. Partikular, sasagutin ng pananaliksik ang mga sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa:
   - 1.1 Wastong Pagbaybay
   - 1.2 Wastong Paggamit ng Bantas
   - 1.3 Wastong Paggamit ng Salita
2. Ano-ano ang mga hamon ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa:
   - 2.1 Wastong Pagbaybay
   - 2.2 Wastong Paggamit ng Bantas
   - 2.3 Wastong Paggamit ng Salita
3. Ano-anong estratehiya ang maaaring gamitin upang maturuan ang mga mag-aaral ng wastong gramatika?

III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay deskriptibong disenyo at kwantitatibo na naglalayong tuklasin ang antas ng kasanayan, mga hamon, at estratehiya sa pagkatuto ng gramatika ng 30 mag-aaral sa Ikapitong Baitang at 10 guro sa Filipino ng Barretto National High School. Katulad ng ibang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng deskriptibong disenyo at talatanungan upang suriin ang pagkatuto ng mga estudyante, tulad ng pananaliksik sa grammar learning strategies ng mga mag-aaral sa English Diploma III program, ginamit din dito ang grammar examination upang masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay, bantas, at paggamit ng salita. Bukod dito, gumamit ng talatanungan at Likert scale upang matukoy ang mga hamon at estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng gramatika, na kahalintulad ng mga pamamaraan sa ibang deskriptibong kwantitatibong pag-aaral ukol sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto. Ang mga instrumento ay sinuri at pinagtibay ng mga eksperto sa Filipino upang matiyak ang validity at pagiging angkop sa layunin ng pag-aaral. Matapos makalap ang datos, inorganisa at in-encode ang mga sagot at sinuri gamit ang mean, weighted mean, frequency, at percentage, na nagbigay-daan sa malinaw na paglalarawan ng kasanayan, hamon, at pagiging epektibo ng mga estratehiya sa pagkatuto ng gramatika.

IV. RESULTA AT INTERPRETASYON

Talahanayan 1
Lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa Pagbaybay

Descriptive Rating	Score	Frequency	Percent
Outstanding	9-10	4	13.33%
Very Satisfactory	7-8	4	13.33%
Satisfactory	5-6	5	16.67%
Fairly Satisfactory	3-4	11	36.67%
Poor	0-2	6	20%
	Kabuoan	30	100%
	Mean	**4.67-Satisfactory**	

Makikita sa talahanayan 1 ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa pagbaybay, Makikita na ang karamihan ng mga mag-aaral ay nasa mababang kategorya ng kasanayan. Ang *Fairly Satisfactory* (36.67%) ang may pinakamataas na bilang, na nagpapahiwatig na maraming mag-aaral ang may limitadong pag-unawa sa tuntunin ng pagbaybay. Mahalaga ring pansinin na 20% ang nasa *Poor*, na nagpapakita ng malinaw na kahinaan sa batayang kasanayang pangwika. Ayon kay Flores (2018), ang kahinaan sa pagbaybay ay kadalasang dulot ng kakulangan sa exposure sa pagbasa at mababaw na pag-unawa sa ortograpiya. Sinusuportahan din ng DepEd (2016) na ang pagbabago at hindi sapat na pagmaster ng Ortograpiyang Filipino ay maaaring magdulot ng

pagkalito sa mga mag-aaral. Ang maliit na porsyento ng nasa *Outstanding* at *Very Satisfactory* (kapwa 13.33%) ay nagpapakita na iilan lamang ang may mataas na mastery sa pagbaybay, bagay na binanggit nina Santos at Rubio (2017) na nakadepende sa kalidad ng pagtuturo at lawak ng exposure sa pagbasa. Ang mean score na 4.67, na may deskripsiyong *Satisfactory*, ay nagpapakita na bagama't may pundasyon ang mga mag-aaral, hindi pa ito sapat upang maituring na mataas ang kanilang kasanayan. Ayon kay Villanueva (2020), kinakailangang palakasin ang writing drills at guided practice upang maitaas ang kakayahang pang-ortograpiya. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga resulta na may pangangailangan para sa mas sistematiko at masinsinang pagtuturo ng pagbaybay upang matugunan ang mababang antas ng kasanayan ng karamihan sa mga mag-aaral.

Talahanayan 2
Lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa Bantas

Descriptive Rating	Score	Frequency	Percent
Outstanding	9-10	4	13.33%
Very Satisfactory	7-8	4	13.33%
Satisfactory	5-6	6	20%
Fairly Satisfactory	3-4	10	33.33%
Poor	0-2	6	20%
	Kabuoan	30	100%
	Mean	**4.73-Satisfactory**	

Makikita sa Talahanayan 2 na ang karamihan ng mga mag-aaral (33.33%) ay nasa Fairly Satisfactory na antas sa paggamit ng bantas, na nagpapakita na may batayang kaalaman sila ngunit hindi pa ganap na matatag sa wastong paggamit nito. Ang 20% na nasa *Poor* na kategorya ay indikasyon ng kahinaan sa pag-unawa at aplikasyon ng mga tuntunin sa bantas. Samantala, iilan lamang ang nakapagtamo ng mataas na marka (*Outstanding* at *Very Satisfactory*, kapwa 13.33%), na nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng antas ng kasanayan. Ang mean na 4.73 (Satisfactory) ay nagpapahiwatig na pangkalahatang nasa katamtamang antas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas. Ayon kay Reyes (2018), ang kahirapan sa wastong paggamit ng bantas ay madalas na nag-uugat sa kakulangan sa regular na praktis at limitadong exposure sa mahusay na pagsulat, kaya hindi nakapagtatakang mas marami ang nasa mababa at midyum na antas. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na kinakailangan pang palakasin ang pagtuturo ng bantas upang maitaas ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral

Talahanayan 3
Lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika ayon sa Wastong Salita

Descriptive Rating	Score	Frequency	Percent
Outstanding	9-10	0	0%
Very Satisfactory	7-8	1	3.33%
Satisfactory	5-6	7	23.33%
Fairly Satisfactory	3-4	9	30%
Poor	0-2	13	43.33
	Kabuoan	30	100%
	Mean	**3.01- Fairly Satisfactory**	

Makikita sa Talahanayan 3 na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita ay nasa mababang antas, na may mean score na 3.01 o *Fairly Satisfactory*. Walang mag-aaral ang nakapagtamo ng *Outstanding*, at iilan lamang (3.33%) ang nakamit ang *Very Satisfactory*. Ang pinakamalaking bahagi (43.33%) ay nasa *Poor* na antas, na nagpapakita ng malinaw na kakulangan sa wastong pagpili at paggamit ng salita sa pangungusap. Ang resulta ay sumusuporta sa obserbasyon ni Cruz (2019) na ang paggamit ng tamang salita ay isang karaniwang hamon sa mga mag-aaral dahil sa limitadong bokabularyo, kakulangan sa pagbabasa, at hindi sapat na praktis sa pagsulat. Ang mataas na bilang ng nasa *Poor* at *Fairly Satisfactory* ay nagpapahiwatig na kinakailangan ng mas sistematikong pagtuturo at dagdag na pagsasanay sa wastong pagpili at paggamit ng salita. Sa kabuuan, malinaw na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita ay mas mababa kumpara sa ibang aspeto ng gramatika (pagbaybay at bantas), at nangangailangan ng agarang interbensyon upang mapataas ang kanilang kakayahang pangwika.

2. Mga Hamon ng mga mag-aaral sa gramatika

Talahanayan 4

Hamon ng mga mag-aaral sa gramatika Pagbaybay

Aytem	Deskripsyon	Weighted Mean	Interpretation	Ranggo
1	Madalas magkamali sa mahahabang salita.	2.77	Sumasang-ayon	2
2	Nalilito sa “ng” at “nang.”	2.20	Hindi Sumasang-ayon	7
3	Hindi alam ang baybay ng salitang hiram.	2.45	Hindi Sumasang-ayon	5
4	Mali sa paggamit ng gitling at kudlit.	2.50	Sumasang-ayon	4
5	Nakadepende sa spell-checker.	2.67	Sumasang-ayon	1
6	Nalilito sa inuulit na salita.	2.52	Sumasang-ayon	3
7	Hindi alam ang kapitalisasyon.	2.17	Hindi Sumasang-ayon	8
8	Kulang sa bokabularyo.	2.27	Hindi Sumasang-ayon	6
9	Hindi nasusuri ang sulatin.	2.14	Hindi Sumasang-ayon	10
10	Naapektuhan ng impormal na wika.	2.17	Hindi Sumasang-ayon	8
	Mean	**2.39**	**Hindi Sumasang-ayon**	

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral sa pagbaybay ay ang pagkadepende sa spell-checker (Rank 1, Weighted Mean = 2.67), na nagpapahiwatig ng kakulangan sa sariling kasanayan sa pagbaybay. Kasunod nito, mataas rin ang hamon sa pagkamali sa mahahabang salita at pagkalito sa inuulit na salita, na nagpapakita ng kahinaan sa pattern at anyo ng salita. Samantala, ang pinakamababang hamon ay ang hindi nasusuri ang sulatin (Rank 10, Weighted Mean = 2.14), na nagpapahiwatig na hindi ito itinuturing na pangunahing problema ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang mean na 2.39 (*Hindi Sumasang-ayon*) ay nagpapakita na bagama’t may ilang hamon, hindi lahat ay sabay-sabay nakakaapekto sa pagbaybay ng mga mag-aaral. Ayon kay Flores (2018), ang labis na pag-asa sa teknolohiya, gaya ng spell-checker, ay maaaring humadlang sa paglinang ng sariling kasanayan sa wika, partikular sa spelling, kaya’t mahalaga ang mas sistematikong pagtuturo at dagdag na praktis upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbaybay.

Talahanayan 5

Hamon ng mga mag-aaral sa gramatika Bantas

Aytem	Deskripsyon	Weighted Mean	Interpretation	Ranggo
1	Kaligtaan ang tuldok o kuwit.	2.37	Hindi Sumasang-ayon	10
2	Mali ang tandang pananong o padamdam.	2.72	Sumasang-ayon	6
3	Hindi pamilyar sa panipi at tutuldok.	2.72	Sumasang-ayon	6
4	Nalilito sa gitling at kudlit.	2.77	Sumasang-ayon	5
5	Hindi nagagamit ang bantas sa diwa.	2.80	Sumasang-ayon	4
6	Mali-maling paggamit ng kuwit.	2.93	Sumasang-ayon	3
7	Hindi alam ang format ng direktang sipi.	3.03	Sumasang-ayon	2
8	Naapektuhan ng text/chat language.	2.53	Sumasang-ayon	9
9	Hindi alam ang tuldok-kuwit.	3.17	Sumasang-ayon	1
10	Hindi pare-pareho ang paggamit ng bantas.	2.71	Sumasang-ayon	8
	Mean	**2.78**	**Sumasang-ayon**	

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng iba’t ibang hamon sa paggamit ng bantas, na may kabuuang mean na 2.78 (Sumasang-ayon).Ang pinakamahalagang hamon ay ang hindi alam ang tuldok- kuwit (Weighted Mean = 3.17), na nagpapahiwatig ng pangangailangang bigyang-diin ang tamang paggamit ng dalawang pangunahing bantas sa pangungusap. Ayon kay Reyes (2018), ang hindi tamang paglalagay ng tuldok at kuwit ay karaniwang problema sa mga mag-aaral dahil sa kakulangan sa praktis at impluwensya ng impormal na wika, gaya ng text o chat language. Samantala, ang pinakamababang hamon ay ang kaligtaan ang tuldok okuwit (Weighted Mean = 2.37), na nagpapakita na may ilang mag-aaral na nakakagamit naman ng bantas sa pangungusap, kahit hindi ito palaging tama. Sa kabuuan, malinaw na ang pangunahing hamon sa bantas ay ang tamang paglalapat ng tuldok at kuwit, at kinakailangan ng sistematikong pagtuturo at patuloy na pagsasanay upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika.

Talahanayan 6
Hamon ng mga mag-aaral sa gramatika Wastong Salita

Aytem	Deskripsyon	Weighted Mean	Interpretation	Ranggo
1	Mali ang pagpili ng salita.	2.77	Sumasang-ayon	3
2	Madalas gumamit ng balbal.	2.73	Sumasang-ayon	4
3	Nalilito sa magkasingtunog na salita.	2.62	Sumasang-ayon	10
4	Mali sa aspekto ng pandiwa.	2.73	Sumasang-ayon	4
5	Mali sa paggamit ng pang-ugnay.	2.73	Sumasang-ayon	4
6	Kulang sa bokabularyo.	2.70	Sumasang-ayon	8
7	Mali ang paggamit ng salitang hiram.	2.87	Sumasang-ayon	2
8	Hindi akma ang antas ng wika.	2.70	Sumasang-ayon	8
9	Mali sa paggamit ng panlapi.	2.98	Sumasang-ayon	1
10	Hindi malinaw ang konteksto ng salita.	2.73	Sumasang-ayon	4
	Mean	**2.76**	**Sumasang-ayon**	

Ipinapakita ng Talahanayan 6 na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng iba't ibang hamon sa paggamit ng wastong salita, na may kabuuang mean na 2.76 (Sumasang-ayon).Ang pinakamahalagang hamon ay ang mali sa paggamit ng panlapi (Rank 1, Weighted Mean = 2.98), na nagpapahiwatig ng kahinaan sa pagbuo at pagbago ng salita upang maging angkop sa pangungusap. Ang ganitong hamon ay sinusuportahan ni Cruz (2019), na nagsasabing ang tamang paggamit ng panlapi ay kritikal sa malinaw na komunikasyon at wastong gramatikal na kaalaman.Samantala, ang pinakamababang hamon ay ang nalilito sa magkasingtunog na salita (Rank 10, Weighted Mean = 2.62), na nagpapakita na hindi ito itinuturing ng mga mag-aaral bilang pangunahing hadlang sa paggamit ng wastong salita.Sa kabuuan, malinaw na ang pangunahing hamon sa wastong salita ay ang tamang paggamit ng panlapi, kasunod ang tamang pagpili ng salita at paggamit ng salitang hiram. Nangangailangan ang mga mag-aaral ng mas sistematikong pagtuturo at masinsinang pagsasanay sa wastong salita at gramatika upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika.

3. Estratehiya ang maaaring gamitin upang maturuan ang mga mag-aaral ng wastong gramatika
Talahanayan 7 : Mga estratehiya ang maaaring gamitin upang maturuan ang mga mag-aaral ng wastong gramatika

Aytem	Deskripsyon	Weighted Mean	Interpretation	Ranggo
1	Game-based learning (Spelling Bee, Grammar Quiz)	1.63	Hindi Sumasang-ayon	10
2	Peer editing activities	2.73	Sumasang-ayon	4
3	Writing workshops	2.62	Sumasang-ayon	6
4	Visual aids o grammar charts	2.3	Sumasang-ayon	4
5	Daily grammar drills	2.73	Sumasang-ayon	4
6	Creative writing integration	2.70	Sumasang-ayon	8
7	Paggamit ng ICT tools	1.90	Hindi Sumasang-ayon	9
8	Mini-lessons batay sa common errors	2.70	Sumasang-ayon	8
9	Collaborative editing / group analysis	2.98	Sumasang-ayon	1
10	Formative feedback gamit ang rubrik	1.79	Hindi Sumasang-ayon	7
	Mean	**2.45**	**Hindi Sumasang-ayon**	

Ipinapakita ng Talahanayan 7 na ang pinaka-epektibong estratehiya ayon sa mga mag-aaral ay ang collaborative editing o group analysis (Rank 1, Weighted Mean = 2.98), na nagpapahiwatig na mas nakikinabang sila sa kolaboratibong pagkatuto at aktibong partisipasyon sa pagsusuri ng sariling gawa at gawa ng kaklase. Samantala, ang pinakamababang suportadong estratehiya ay ang game-based learning (Rank 10, Weighted Mean = 1.63), na nagpapahiwatig na hindi ito itinuturing ng mga mag-aaral bilang epektibo sa kanilang pagkatuto ng gramatika. Katulad nito, mababa rin ang suporta sa paggamit ng ICT tools at formative feedback gamit ang rubrik, na maaaring dulot ng kakulangan sa karanasan o exposure sa mga teknolohiyang ito.Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na mas epektibo para sa mga mag-aaral ang estratehiyang kolaboratibo at aktibong partisipasyon kaysa sa mga teknolohikal o laro-based na pamamaraan, at nangangailangan ang pagtuturo ng gramatika ng interactive at hands-on approaches upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

V. Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa Barretto National High School sa gramatika ay nasa katamtaman hanggang mababang antas. Ang kanilang kakayahan sa pagbaybay at paggamit ng bantas ay nasa Satisfactory, na nagpapakita ng batayang kaalaman ngunit nangangailangan pa ng mas sistematikong pagsasanay. Samantala, ang kasanayan sa wastong paggamit ng salita ay mas mababa, Fairly Satisfactory, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa bokabularyo at tamang aplikasyon ng gramatikal na tuntunin. Natukoy ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral sa gramatika, kabilang ang pagka-depende sa spell-checker, maling paggamit ng panlapi, at hindi tamang paglalagay ng tuldok at kuwit, na nagpapakita ng pangangailangan sa mas aktibo at kolaboratibong paraan ng pagtuturo. Ipinapakita rin ng datos na ang mga estratehiyang kolaboratibo at interactive, tulad ng collaborative editing at group analysis, ay mas epektibo para sa kanila kumpara sa mga laro o teknolohiyang base sa ICT. Sa kabuuan, malinaw na kinakailangan ang mas sistematiko, hands-on, at kolaboratibong pedagogiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika.

VI. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda na ang mga guro sa Barretto National High School ay magpatupad ng mas sistematikong writing drills, grammar workshops, at kolaboratibong aktibidad upang mapaunlad ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbaybay, bantas, at wastong salita. Dapat hikayatin ang mga mag-aaral na mabawasan ang labis na pag-asa sa spell-checker at aktibong lumahok sa peer editing at collaborative activities. Mahalaga rin na suportahan ng paaralan ang mga guro sa pamamagitan ng paglalaan ng teaching materials, seminar, at training sa modernong pamamaraan ng pagtuturo ng gramatika. Bukod dito, makabubuti kung gagamitin ang mga interactive at hands-on na estratehiya, na nagbibigay-daan sa aktibong partisipasyon at agarang feedback upang mapaunlad ang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang pagtuturo ng gramatika ay magiging mas epektibo at ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng mas mataas na antas ng literacy at komunikasyon sa Filipino.

SANGGUNIAN

[1] Alferez, M. L. B. (2021). *Pag-unlad ng kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa sekundarya sa konteksto ng social media at pagbabasa*. Philippine Normal University Research Journal.

[2] Al-Mekhlafi, A. M., & Nagaratnam, R. P. (2011). Difficulties in learning English grammar: A case study. *English Language Teaching, 4*(3), 95–101.

[3] Cruz, J. T. (2019). Pagpapahusay ng paggamit ng wastong salita sa mga mag-aaral sa sekondarya. *Philippine Journal of Language Education, 2*(1), 45–60.

[4] DepEd. (2016). *Ortograpiyang Filipino: Gabay sa pagtuturo*. Department of Education.

[5] Flores, R. C. (2018). Pagbaybay at orthography sa mga mag-aaral sa Filipino. *Journal of Philippine Language Research, 5*(2), 23–36.

[6] Reyes, M. L. (2018). Pagtuturo ng bantas sa sekundaryang antas. *Philippine Studies in Language and Literature, 7*(1), 78–92.

[7] Santos, P., & Rubio, E. (2017). Epekto ng pagbasa sa kasanayan sa pagbaybay. *Education Research Journal, 4*(3), 12–25.

[8] Villanueva, A. M. (2020). Collaborative learning at pagsusuri ng gramatika sa Filipino. *Asian Journal of Language Teaching, 6*(1), 34–50.